# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 43 BILANG 8 | BASAHIN AT TALAKAYIN | AGOSTO 2023

EDITORYAL


## Pambansang badyet 2024, para sa korapsyon at pasismo ng rehimeng US-Marcos-Duterte

Walang kaunlaran para sa mamamayang Pilipino sa ipinapanukalang pambansang badyet 2024 ng ilehitimong rehimeng US-Marcos-Duterte. Taliwas sa ipinangangalandakan ng estadong "adyenda para sa kasaganaan" *(agenda for prosperity),* nakalaan ang pondo para sa kapritso, korapsyon at paghahasik ng karahasan ng naghaharing uri.

Gustong iratsada ng rehimeng Marcos-Duterte ang pag-aapruba sa pambansang pondo sa Kongreso sukdulang bastusin ang parlamentaryong proseso. Binabraso sa mga *hearing* sa Kamara ang oposisyon na Makabayan Bloc at Cong. Edcel Lagman. Nagsasabwatan ang mga burukrata kapitalista para hatiin ang badyet sa kani-kanilang mga sarili at kanilang mga kasabwat. Hindi man sinasadaya, ang mga akto ng mga kasapakat nina Marcos at ang mga datos na hindi maitago sa taumbayan ay lalung naglalantad sa mga pandudupang nina Marcos, Duterte at malalapit nilang kroni sa pondo ng bayan.

Sa ipinapanukala ng gubyernong Marcos II na ₱5.768 trilyong pambansang badyet para sa 2024, pinakamalaking bahagi ay iginawad sa mga proyektong pang-imprastraktura, programang neoliberal at patakaran sa depensa o pambansang seguridad habang patuloy na lalaanan ang pagbabayad-utang. Higit na kinaltasan ang pondo para sa serbisyong panlipunan, na lalong magpapatindi sa kahirapan sa gitna ng tuluy-tuloy na implasyon at mababang kita ng mga manggagawa, mala-manggagawa at magsasaka, maging ng peti-burgesyang lunsod.

Kasinungalingan ang deklarasyong maka-mahirap ang binalangkas na pondo para sa susunod na taon. Tuluyang inabandona ang mamamayan sa malalaking kaltas sa ayuda at serbisyong panlipunan.



KALATAS

Agosto 2023
TOMO 43 BILANG 8

NILALAMAN

1 Pambansang badyet 2024, para sa korapsyon at pasismo ng rehimeng US-Marcos-Duterte
3 Ayon kay Ka Joma
4 Pangunahing Lathalain: Epekto ng giriang US-China sa Asia
5 Balita: Laban ng magsasaka at maggagapak sa tubuhan, nagpapatuloy
6 Lathalain: Edukasyong pang-kolehiyo, hindi prayoridad ng gubyerno
7 Balita: 59th IBPA, pinalalayas sa Batangas
8 Kilos Protesta: 'Hustisya sa Bloody Sunday Massacre!'
8 Mga manggagawa sa TK, nagpetisyon para sa dagdag-sahod
9 Tugon ni PdG: Paano ginagamit ng rehimeng US-Marcos II ang Department of Agriculture para lalong pahirapan ang bayan?
10 Bantay Karapatan: 14 lider-aktibista nakatanggap ng subpoena dahil sa protesta noong SONA
11 Dalawa sa inarestong San Juan 3, nakalaya na
11 Kultura: Bakit may katutubong NPA?

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal

Makatatanggap na lamang ng ₱63.3 bilyon ang pondo para sa ayuda sa panahon ng emerhensya, 31% na kaltas kumpara noong nakaraang taon. Binawasan din ang pondo sa kalusugan tungong ₱481 bilyon. Nasa ₱924.7 bilyon naman ang kabuuang badyet na laan sa edukasyon, pero mas malaki rito ang matatanggap ng opisinang hawak ni Sara Duterte. Kinuripot ang pondo para sa State Universities and Colleges na sangkatlo lang ng hinihinging badyet ng mga pamantasan.

Sa kabilang banda, pinalobo ang pondong laan sa imprastraktura na nasa ₱1.42 trilyon. Ang pondong ito ay isang malaking *pork barrel* para sa mga pamilyang Marcos-Duterte at tradisyunal na pulitikong kasapakat nila. Makikinabang din ang kanilang paboritong malalaking burgesya komprador na siyang makakakopo sa mga di-kinakailangang proyektong imprastraktura sa ilusyon ng "kaunlaran"ng Build Better More kagaya ng mga tulay, kalsada, riles at *renewable energy projects.* Pagdudusahan ito ng taumbayan na palalayasin sa kanilang mga tahanan at komunidad.

Nagdudumilat ang masamang intensyon sa pambansang badyet ni Marcos Jr. Hahawakan niya ang ₱2.5 trilyon o 43.8% nito. Kabilang sa mga pondong direktang hahawakan niya ang Automatic Appropriations (₱1.7 trilyon), Special Purpose (₱733 bilyon) at Confidential and Intelligence (₱10.14 bilyon). Bukod sa korapsyon, gagamitin din ng pamilya Marcos ang pondong ito para sa di-kinakailangan at maluhong pamumuhay kabilang ang mga byahe nito sa labas ng bansa.

Hindi rin pahuhuli ang AFP-PNP at mga paramilitar ng estado sa pagparte sa pambansang badyet. Walang hanggan ang kasibaan ng matataas na heneral ng AFP-PNP na binubusog nina Marcos at Duterte para makapanatili sa kapangyarihan. Nasa ₱282.7 bilyon ang pondong laan para sa depensa. Labas pa ito sa *confidential and intelligence fund* (CIF) na hiwa-hiwalay na inilagak sa iba't ibang ahensya ng gubyerno. Ang CIF ay pondong ginagamit para sa lihim na mga operasyon ng mga pwersang panseguridad ng estado. Dahil "lihim", hindi ito obligadong isapubliko kaya nagiging bulnerable rin sa korapsyon hindi lamang ng matataas na heneral kundi maging ng naghaharing pangkatin. Pinakatampok ang naiulat na paggastos ni Sara Duterte sa ₱125 milyong pondo ng CIF noong 2022 sa loob lamang ng 11 araw. Kasuklam-suklam din ang mga anomalyang inilantad ng Commision on Audit sa mga di-kinakailangang gastos at hindi paggamit ng pondo ng Department of Education, Department of Migrant Workers, Department of Social Welfare and Development, Department of Health at maging sa AFP-PNP.

Tiyak din ang pakinabang ng imperyalismong US sa pambansang badyet na ibinalangkas sa kanilang dikta. Malaon nang ginagamit ng US ang Pilipinas para isalba ang naghihingalo nitong ekonomiya. Nasa ₱699.2 bilyon o 12% ng pambansang badyet ang laan sa pagbabayad-utang. Sinasalo ng Pilipinas ang mga sobrang yaring produkto ng US at iba pang imperyalistang bansa. Magsisilbi rin ang pambansang badyet para sa nilulutong plano ng US na gera sa Asia Pacific. Katunayan, pera ng bayan ang ginagamit sa konstruksyon ng mga base militar ng US iba't ibang bahagi ng Pilipinas na planong dagdagan pa sa susunod na panahon. Tuluy-tuloy rin ang pagbili ng reaksyunaryong republika ng

mga armas pandigma na inilalako ng US at mga alyado nito.

Ang mga armas na ito ang siya ring ginagamit sa kontra-rebolusyonaryong gerang inihahasik ng estado sa layuning supilin ang makatarungang pakikibaka ng bayan. Higit pang dadami ang kaso ng mga paglabag sa karapatang tao sa pag-igiting ng paninibasib ng estado upang makapanatili ang ilehitimong rehimen sa poder.

Kataksilan sa mamamayang Pilipino ang pagbubuhos ng pondo sa imprastraktura, militar at korapsyon dahil sa kanilang bulsa nanggagaling ito. Bukod sa utang, hinuhuthot ng estado sa mamamayan ang kasalukuyang pondo sa pamamagitan ng reaksyunaryong pagbubuwis. Pinaalwan nito ang buhay ng mga burgesya komprador habang lalong pinabigat ang pasanin ng karaniwang mamamayan. Sa gitna ng pagtaas ng presyo ng bilihin, nagpapatuloy ang paniningil ng *excise tax, value added tax* at *extended value added tax,* habang planong ipatupad ang ikaapat na pakete ng TRAIN Law.

Sa harap ng matinding kahirapan at patuloy na pagnanakaw ng naghaharing pangkatin sa pera ng bayan, nararapat na puspusang makibaka ang mamamayan para sa kanilang karapatang pang-ekonomiya at panlipunan. Kailangan ang tuluy-tuloy na pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos ng pinakamalawak na hanay ng mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan. Bigkisin ang pinakamaraming manggagawa at magsasaka para isulong ang kanilang demokratikong karapatan. Iputok ang kabi-kabilang pakikibakang bayan para sa paghahangad ng pang-ekonomikong kagalingan at serbisyong sosyal.

Pasiglahin ang gawaing alyansa sa hanay ng mga naliliwanagan at tunay na lingkod-bayan para isulong ang pang-ekonomikong interes ng sambayanan kagaya ng progresibong pagbubuwis at pondo sa serbisyong panlipunan. Kabigin ang mga panggitnang pwersa at propesyunal na bumababa ang antas ng kabuhayan at naririmarim sa lantarang korapsyon ng bulok na estado.

Padagundungin ang sigaw na ilipat ang pondong laan sa korapsyon at militar tungo sa ayuda at serbisyong sosyal, ganondin sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Isulong ang taas-sahod ng mga empleyado ng gubyerno kagaya ng mga guro, nars at kawani sa halip na ilaan sa CIF at pondong militar. Hindi makatwiran ang todo buhos sa sahod at pensyon ng mga unipormadong personel na walang pakinabang sa bayan. Nararapat suportahan ang pagkakaloob ng karapatan at kagalingan ng mga kawani ng gubyerno para sa dekalidad na serbisyong panlipunan.

Halawan ng aral ang pinakamalalaking protestang bayan na ibinunsod ng paglaban sa korapsyon ng mga palpak at pahirap na rehimen. Tampok sa kasaysayan ang pag-aalsang EDSA I na nagpabagsak sa diktadurang US-Marcos I. Ganondin ang paghugos ng mamamayan laban sa rehimeng US-Aquino II, rehimeng US-Macapagal-Arroyo at rehimeng US-Estrada, hanggang sa mapatalsik ang huli sa poder. Ipatambol ang pagwawaldas ng pondo lalo ang kakarapampot na inilalaan sa serbisyong panlipunan.

Sa sobrang kasakiman, sinasagad ng pasista, papet at pahirap na rehimeng US-Marcos-Duterte ang pasensya ng bayan. Lalo nitong pinasasahol ang kronikong krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino at itinutulak ang bayan na lumaban. K




" Bagamat dapat nating pangalagaan ang kultura ng mga lokalidad at minorya bilang bahagi ng ating pamanang kultura, dapat din tayong magpaunlad ng isang bago at tunay na pambansang kultura sa pamamagitan ng pagpapalaganap at paggamit ng isang pambansang wika na kaangkan ng lahat ng ating lokal na wika at sa gayo'y madaling maintindihan ng masa kahit saan, di katulad ng Ingles... Ang pangunahing dahilan dito'y para magkaroon ng behikulo sa mabilis na pagpapalaganap ng pambansa-demokratikong pag-uunawaan ng mamamayan sa buong kapuluan.

*- Mga Tungkulin ng Ikalawang Kilusang Propaganda*
*Talumpati sa St. Louis University, Baguio City*
*noong Oktubre 12, 1966*

# Epekto ng giriang US-China sa Asia Pacific

Karugtong ng tumitinding ribalan sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihang US at China ang umiinit na sitwasyong pulitiko-militar sa Asia Pacific, partikular sa palibot ng China at mga karatig-bansang Taiwan at Pilipinas. Umaagaw ng atensyon ang pagpapakitang-gilas ng mga sandatahang pwersa sa Asia Pacific sa sunud-sunod na mga ehersisyong militar, aktibidad sa karagatan at pagsubok sa kani-kanilang armas at sasakyang pandigma. Ginagawa ito hindi lamang ng China at mga bansa sa Asia, kundi pinangungunahan mismo ng US na may sariling pwersang militar na nakakalat sa mga malakolonya't alyadong bansa nito sa Pacific.



*mula sa www.cnn.com*

Iginigiit ng US na panatilihin ang posisyon nito sa hegemonya at pigilan ang pag-angat ng karibal na China sa harap ng papatinding krisis sa daigdig. Magkaalinsabay nitong pinangunahan ang mga iskemang pang-ekonomiko at mapang-upat na pagsalig sa mga alyansang militar, gaya ng pagpapalawak ng North Atlantic Treaty Organization maging sa Asia Pacific, pagtatayo ng AUKUS (Australia, UK at US) at pagbuhay sa Quad *security alliance* (US, Japan, India at Australia). Alinsunod ito sa kanyang Indo-Pacific Strategy at "pihit sa Asia". Nito lamang Marso, nagpulong ang AUKUS sa US kung saan pinirmahan ang isang kasunduang naglalayong lumikha ng isang bagong pangkat ng *nuclear-powered submarine* na nakatudla sa pagkontra sa impluwensya ng China sa nasabing rehiyon. Naka-balatkayo ito bilang pangangalaga umano ng Kanluraning kapangyarihan sa kapayapaan sa Asia.

Sa panig ng China, bumuo ng mga hakbang para patatagin ang impluwensya nito sa Asia Pacific at tiyakin ang depensa sa paligid nito. Ginawang tabing ng mga agresibong hakbang ang paggigiit sa teritoryo at soberanong karapatan ng China sa Taiwan at pang-aagaw sa halos kabuuan ng karagatan at mga isla sa West Philippine Sea (WPS) at South China Sea laban sa soberanong karapatan ng mga bansang Vietnam, Indonesia, Malaysia, Japan at Pilipinas sa mga ito.

**Taiwan: Isla sa gitna ng ribalang US at China**

Pursigidong isinusulong ng administrasyong Xi Jinping ang interes at karapatan ng China sa Taiwan. Iginigiit nitong igalang at ipatupad ang kasunduang nabuo sa panahon ni Chairman Mao na Shanghai Communiqué ng 1972 kung saan nakasaad ang pagsang-ayon ng US na "kinikilala nito at hindi nito hahamunin ang posisyon na iisa lamang ang China na kinikilala ng lahat ng Chinese sa dalawang panig ng Taiwan Strait, at na ang Taiwan ay bahagi ng China." Sa dokumento, pinaboran "na ang usapin ng Taiwan ay mapayapang lulutasin ng mamamayang Chinese, kapwa sa *mainland* at sa isla ng Taiwan."

Mula huling bahagi ng dekada 1970, umunlad ang relasyong pang-ekonomya at kalakalan sa pagitan ng *mainland* China at Taiwan. Kapwa nakinabang ang malalaking burgesya sa *mainland* China at Taiwan sa panunumbalik ng kapitalismo sa *mainland* China. Pinapasok sa *mainland* ang kapitalistang pamumuhunan mula Taiwan, kabilang ang Foxconn Company at TSMC (Taiwan Semiconductor Manufacturing Company), dalawa sa pinakamalalaking taga-asembol at taga-manupaktura ng elektroniks. Kapwa sila nagtayo ng mga tanggapan para sa kanilang regular na ugnayan. Mahalaga rin ang Taiwan para sa US bilang isa sa pangunahing pinagkukunan ng murang *electronic chips* para sa mga *computer* at *smartphone.*

Sa kabilang panig, bumaling ang ekonomya ng US sa malakihang *outsourcing* kung saan inilagak nito ang mayor na pamumuhunan at manupaktura sa China. Sinamantala nito ang malaking populasyon ng murang lakas-paggawa sa China, na siya ring nagpasigla ng manupaktura at kabuuang ekonomya ng China. Kapalit nito, sinamantala naman nang husto ng China ang panahong ito upang kunin sa US ang kaalaman sa abanteng teknolohiya para sa pagpapaunlad ng kanyang mga industriya.

Kalauna'y sasambulat sa US ang paglakas ng China. Dumagdag ito sa estratehikong paghina ng US bilang dati'y numero unong imperyalistang kapangyarihan sa *unipolar* na mundo na sa kalaunan, naging lubhang pinansyalisado at bulnerable sa pana-panahong pagsiklab ng krisis pampinansya. Nahilahod ang US at pandaigdigang sistemang kapitalista sa malawig na istagnasyon bunga ng pag-ibayo ng krisis ng sobrang produksyon na nagpasidhi sa inter-imperyalistang kumpetisyon at armadong sigalot sa kapinsalaan ng ibang bayan. Sa ganito ring kundisyon unti-unting nagkalamat ang "normalisasyon" ng relasyong US-China na dating nagtulak ng pagkilala ng US sa "One China Policy".

Lalong naging matabil at agresibo ang patakaran ng US kontra sa China. Itinulak ng US ang paglalansag sa mga korporasyong kontrolado ng estado ng China at ipinagbawal ang pag-eeksport ng huli ng abanteng mga kagamitan para sa produksyon ng modernong

*semiconductor.* Nagpasiklab ng *trade war* na nangahulugan ng paghihigpit sukdulang pagharang sa pagpasok ng kalakal galing China tungong US. Kabilang sa pinag-initan ang mga produkto ng Huawei, sa dahilang nag-eespiya diumano ito para sa gubyernong China. Sa pahayag ng Washington, ang mga hakbang ay tulak ng *"strategic competition"* ngunit para sa Beijing, ito ay *"containment"* o pagpapakitid.

Damay sa kumpetisyon ang posisyon ng US sa One China Policy. Bagamat hindi tahasang ibinabasura ang Shanghai Communique, dumalas ang diplomatikong pakikipag-ugnayan at mabutihan ng gubyerno ng US sa ilalim ni Joe Biden sa Taiwan. Sinakyan ng US at mga alyado nito ang isinusulong ng naghaharing liderato sa Taiwan na paghiwalay sa China. Ilang ulit nang kinontra ng China ang pagpoposturang ito ng US.

Nitong Abril, nagpulong si Taiwanese President Tsai Ing-wen at U.S. House Speaker Kevin McCarthy sa California. Kapanabayan ito ng pahayag ng mga otoridad sa China na posible at kinukunsidera nilang magpataw ng inspeksyon sa mga *cargo ship* na dumaraan sa Taiwan Strait bilang bahagi ng pag-eehersisyo ng kapangyarihan nito sa isla. Pwede itong magsagawa ng *aviation and customs control* sa mga *civilian aircraft* at *cargo vessel.*

Kung tototohanin ng China ang banta, mapipigilan ang malayang paggalaw ng mga kalakal patungong Taiwan at tiyak na maaapektuhan ang ekonomya ng isla. Kung sasagutin ito ng Taiwan ng operasyong militar, tiyak ang pagsambulat ng isang digma.

**Pang-aagaw ng China sa teritoryo ng Pilipinas**

Sa kabila ng pagkatig ng internasyunal na batas sa solong karapatan ng Pilipinas sa *exclusive economic zone* nito sa WPS, hindi itinigil ng China ang pang-aagaw sa karagatan ng mga Pilipino. Walanghiyang nagtayo ng istruktura ang China sa WPS na nakatakdang gamitin bilang paliparan at daungan at nagsisilbing base militar nito sa inaagaw na karagatan at mga isla. Habang nakaposisyon, hindi na rin mapipigil ang iligal na pagkamkam ng China hindi lamang sa mga teritoryong pandagat ng Pilipinas at iba pang bansa kundi maging likas na kayamanan ng mga ito. Tuluy-tuloy ang paglalayag ng mga barkong Chinese rito, mapa-komersyal, milisya at galing sa pwersang nabal para kontrolin ang mahalagang rutang pandagat na bahagi ng mas malawak na South China Sea.

Pinakahuling malaking balita ang insidente noong Agosto 5, kung saan hinarang at binomba ng tubig ng Chinese Coast Guard ang isang sasakyan ng Philippine Coast Guard na magdadala ng suplay sa posteng bantay ng Pilipinas sa Ayungin Shoal. Kinundena ng mga Pilipino at maging ng ibang bansa ang China subalit nagmatigas ang huli na iligal ang aktibidad ng Philippine Navy.

Mahigpit na binabantayan ng China ang nasabing lugar dahil 20 *nautical miles* lamang ang layo ng Ayungin mula sa Mischief Reef, ang pinakamalaking baseng nabal at panghimpapawid ng China sa Spratlys. Dagdag pa, may mga pisikal na katangian ang Ayungin Shoal na akma para gawin itong base militar.

Sinusunggaban ng US ang insidente upang bigyang matwid ang paparaming bilang ng tropa at base militar nito sa Pilipinas. Ang Pilipinas ay kasama sa *first island chain* na silbing depensa at lunsaran ng opensa ng US laban sa China.

Kung kaya't habang iginagayak ng US at NATO ang ibayong pagpapatagal sa gerang *proxy* sa Eastern Europe na umabot na nga sa lampas isa't kalahating taon, ikinababahala ang posibleng pagputok ng armadong sigalot sa Asia. Habang buong lupit na nag-aagawan ng saklaw ng pamumuhunan at teritoryo ang mga imperyalistang bansa sa pamamagitan ng mga *proxy war* at iba pang pamamaraan, nagkakaisa naman ang mga ito sa ibayong pagsasamantala at pang-aapi sa uring anakpawis at sangkatauhan sa buong mundo. K

# Laban ng mga magsasaka at maggagapak sa tubuhan, nagpapatuloy

Determinado ang mga Batangueñong magsasaka sa tubuhan at mga maggagapak sa paggigiit ng kanilang karapatan. Tuluy-tuloy ang kampanyang #30KAyudaKamtinNa para sa lahat ng apektado ng pagsasara ng Central Azucarera de Don Pedro, Inc. (CADPI). Sa kanilang pagpupunyagi, ipinamahagi ang ikalawang bugso ng ayuda sa unang distrito sa Luna, Tuy noong Agosto 24.

Muling nakatanggap ang mga nakatalang benepisyaryong pamilya ng ayudang P10,000-P30,000 mula sa mababang kapulungan ng Kongreso. Ang 1,500 benepisyaryo ay mula sa mga bayan ng Balayan, Lian at Tuy; at Calaca City. Pinangunahan ng Sugarfolks' Unity for Genuine Agricultural Reform (SUGAR) ang kampanya sa ayuda sa pakikipag-ugnayan sa Gabriela Women's Party. Nakakuha sila ng ayuda mula sa opisina ni Cong. Martin Romualdez na dumaloy sa Department of Social Welfare and Development at mga lokal na yunit ng gubyerno (LGU).

Ayon kay Christian Bearo, tagapagsalita ng SUGAR, "Hindi natitigil sa ayuda ang ating laban. Wala pa ring tugon ang Malacañang para isalba ang industriya ng asukal."

Dagdag pa, may mga hindi pa nakatanggap dahil hindi pa nakatala sa listahan ng mga benepisyaryo. Samantala, sadyang limitado ang mararating ng ayuda sa gitna ng patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin.

Kinundena rin ni Bearo ang 59th IBPA na nanghaharas sa mga magsasaka at maggagapak ng tubó na lumalahok sa pagkilos para sa ayuda at muling pagbubukas ng CADPI. K

# Edukasyong pang-kolehiyo, hindi prayoridad ng gubyerno




Matayog na pangarap para sa mayoryang mahihirap na Pilipino ang makapagtapos ng pag-aaral. Tinatanaw ng karamihan ang edukasyong tersyaryo bilang daan para makaahon sa kahirapan, subalit ang masaklap, kakaunti ang nakakapasok sa kolehiyo o unibersidad at nananatili itong prebilehiyo sa halip na maging batayang karapatang tinatamasa ng lahat ng kabataang Pilipino. Nasa 4.4 milyong kabataan ang nakakapag-aral sa kolehiyo na tinatayang 40% lamang ng bilang ng mga Pilpinong nasa edad na para pumasok sa kolehiyo o pamantasan.

Balakid sa pangarap na makapagkolehiyo ang pagiging mahal at magastos nito. Dahil ipinaubaya na ng reaksyunaryong estado ang edukasyong tersyaryo sa pribadong sektor, mas marami ang mga pribadong institusyon na mas mataas maningil ng *tuition* at iba pang bayarin kaysa pampubliko.

Sa taas ng bayarin, kayod-kalabaw ang mga magulang at pati estudyante gaya ni Cessna, 22 at kumukuha ng kursong Education sa isang pribadong eskwelahan sa Mindoro. "Ilang buwan bago nakaipon sina Nanay at Tatay ng P13,500 na kailangan kong bayaran sa *school* ngayong semestre. Para makadagdag, namasukan akong kasambahay nitong bakasyon," kwento niya. Nagkokopras at paminsan-minsang nagbebenta ng iba't ibang produktong bukid ang kanyang mga magulang.

Mabigat ang pasanin ng mga magulang ni Cessna, lalo't dalawa silang magkapatid na nagko-kolehiyo ngayon. Bukod sa matrikula, nagbabayad din sina Cessna ng P500 kada buwan sa *boarding house* at gumagastos para sa mga project, pang-*xerox* at pang-*internet*. "Kung dati mas madalas kaming magkanin, ngayon mas madalas na kaming kumain ng saging dahil sa pagtaas ng presyo ng bigas at iba pang pangunahing bilihin," dagdag niya.

Kahit nahihirapan, hindi lumipat sa pampublikong pamantasan ang magkapatid dahil mas malayo ito sa kanilang tirahan. Malapit na ring makagradweyt si Cessna na nasa ikatlong taon na kaya't nanghihinayang ang kanyang mga magulang na ilipat pa siya.

**Banta sa libreng *tuition***

Ang isang bentahe ng mga pampublikong institusyon ay ang libreng tuition sa bisa ng batas na Universal Access to Quality Tertiary Education. Sa ilalim nito, naging libre ang matrikula sa 220 *state universities and colleges* (SUCs) at mga kwalipikadong *local universities and colleges* (LUCs). Resulta ito ng militante't di nagmamaliw na pakikibaka ng mga kabataan para makamit ang karapatan sa edukasyon.

Mula nang ipatupad ang batas anim na taon na ang nakaraan ay dumami ang nag-*enrol* sa mga pampublikong kolehiyo at pamantasan kaysa sa pribado, ayon sa Commission on Higher Education (CHEd). Ang Polytechnic University of the Philippines, ang SUC na may pinakamalaking populasyon ng estudyante, ay nagrehistro ng dagdag na 10,000 *enrollees* noong 2022.

Malaking bagay ang libreng matrikula subalit may mga bayarin pa rin gaya ng *laboratory fee, library fee* at iba pa. Nag-iiba-iba ito depende sa kurso at pamantasang pinapasukan.

"Hirap talaga. Kahit *free tuition,* may iba pang bayarin at nagko-*commute* ako araw-araw. Ang mahal na ng pamasahe at hindi na rin ganoon kamura ang mga bilihin at pagkain sa *campus*," ani Tris, 21 at *3rd year* sa University of the Philippines - Los Baños.

Kulang naman ang P20,000-25,000 na kita kada buwan ng magulang ni Cams, 20 at 2nd year sa Laguna State Polytechnic University, para suportahan siya sa pag-aaral. "Baka maghanap ako ng *part-time* na trabaho o raket. Lalo na sa *3rd year* at *4th year* dahil marami nang *projects* na kailangang pagkagastusan para grumadweyt," aniya.

Sa gitna ng matinding krisis, banta sa kanilang pag-aaral ang panukala ng kalihim ng Department of Finance na

rebyuhin ang batas sa libreng *tuition* dahil maaksaya umano ito at hindi sustenable. Batayan niya ang mataas na *dropout rate* (38%) sa mga pamantasan na naitala habang at kagyat matapos ang pandemya. Kung matatandaan, kasama ang mga eskwelahan sa mga institusyong halos naparalisa bunsod ng biglaang pagpapataw ng *blended learning* kasabay ng militaristang restriksyon ng *lockdown*.

Hindi katanggap-tanggap ang paninilip ng DOF dahil sa katunayan, kulang ang inilalaang pondo para sagutin ang *tuition* ng mga estudyante. Noong 2023, kapos ng P4.23 bilyon ang inilabas ng gubyerno para bayaran ang matrikula ng 1.74 milyong estudyante sa SUCs.

**Tinitipid na badyet sa edukasyon**

Hinahamon ang kabataan-estudyante na patuloy na lumaban sa harap ng malaking kaltas sa pondo para sa mga pampublikong pamantasan sa panukalang badyet sa 2024. Mula sa P107 bilyong pondo nitong 2023, tinapyasan ang kabuuang badyet ng mga SUCs tungong P100.9 bilyon. Ang panukalang alokasyon para sa SUCs ay wala pang 1/3 ng hiling ng mga pamantasan na P331.3 bilyon. Inalmahan ito mismo ng 37 presidente ng iba't ibang SUCs sa buong bansa kaya nag-akyat sila ng apela sa kongreso para labanan ang napipintong pagkaltas sa pondo para sa mahigit 2.1 milyong iskolar ng bayan.

Sobrang baba ng alokasyon sa *capital outlay* na ginagamit sa pagtatayo ng imprastraktura ng SUCs. Taliwas sa hinihinging P205.9 bilyon, P5.5 bilyon lamang ang nakatakda sa 2024. Masamang balita ito para kay Sam, 20 at *2nd year* sa Cavite State University. "Sa aming *campus*, kulang ang mga klasrum para i-*accommodate* ang lahat ng estudyante kaya kailangan pang magklase sa gabi. Paano magkakaroon ng mataas na kalidad ng edukasyon kung kulang-kulang sa klasrum at kulang o walang pasilidad para sa mga *laboratory*?" tanong niya.

Taliwas din ang kaltas pondo sa panawagan ni Aida, isang manggagawa sa pabrika at magulang ni Lei, estudyante sa Batangas State University. Hiling niyang madagdagan ang pondo sa edukasyon. Para sa kanya, kailangang paramihin ang mga paaralang libre ang matrikula at pati ang mga guro.

Kailangan din ng suportang pinansyal ng mga estudyante lalo ng mahihirap, dagdag ni Lei. Aniya, may epekto sa *mental health* o kalusugan ng pag-iisip ng mga estudyante ang problema sa mga bayarin sa eskwelahan. Nababagabag din siya sa kawalang aksyon ng administrasyon ng pamantasan. "Pinangangatawanan yata nila ang bansag na pinakamahirap na *school* sa lalawigan," aniya.

Galit ang mga kabataan sa tahasang pagpapabaya ng rehimeng US-Marcos-Duterte sa edukasyon. "Gusto nilang gawing mangmang ang mga kabataan kaya salat ang badyet sa edukasyon," ani Tris.



## 59th IBPA, pinalalayas sa Batangas

Nagprotesta ang mga Batangueño sa Brgy. Sampaga, Balayan upang palayasin ang 59th IBPA mula sa kanilang komunidad noong Agosto 4. Kalahok sa protesta ang mga organisasyong Kaisahan ng mga Manggagagawang Bukid sa Tubuhan (Kaisahan) at Sugarfolks' Unity for Genuine Agricultural Reform (SUGAR) - Batangas.

Inirereklamo ng mga residente ng Brgy. Putol, Tuy ang pangamba at perwisyong hatid ng mga operasyong militar ng 59th IBPA. Inokupa ng mga militar ang kanilang mga bahay mula Agosto 3 at sinabing tatagal pa roon ng dalawang linggo. Masahol pa, madadagdagan ang 30 elemento ng 59th IBPA na hihimpil doon.

Tiniktikan ng mga sundalo ang hindi bababa sa tatlong kabahayan ng pamilya ng mga maggagapak sa barangay. Hinahanap nila ang lider-masa at tagapagsalita ng SUGAR na si Jaysie Balugna. Dahil sa takot, napilitang umalis sa komunidad ang pamilya ni Balugna. Binantaan din ang mga kaanak ni Balugna na kung hindi siya ilalabas ay sila ang "babalikan, dadamputin at kakasuhan" ng militar.

Bukod sa takot, malaking abala ang presensya ng mga militar sa kabuhayan ng mga residente. Himutok ng mga residente, gutom na nga sila matapos ang pagsasara ng Central de Azucarera de Don Pedro, Inc., inaatake pa sila ng 59th IBPA.



# 'Hustisya sa Bloody Sunday Massacre!'

Nagprotesta sa harap ng Department of Justice (DOJ) ang mga grupong tagapagtanggol ng karapatang tao mula sa Timog Katagalugan (TK) noong Agosto 24. Isinabay ito sa paghahain ng *petition to review* sa kasong pagpatay ng mga pulis kay Manny Asuncion ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) Cavite noong Marso 7, 2021 na isa sa mga biktima ng tinaguriang Bloody Sunday Massacre (BSM).

Kasama sa nagprotesta ang mga biktima ng BSM at kanilang kaanak. Isa rito si Nimfa Lanzanas na hinuli sa Laguna at nakalaya matapos ang isang taon at tatlong buwang pagkakapiit. Pinaratangan siyang isang *gun runner* ng Bagong Hukbong Bayan sa Timog Katagalugan at kinasuhan ng *illegal possession of firearms and explosives.* Kasalukuyang nakasampa ang *countercharges* ni Lanzanas sa 17 pulis na umaresto sa kanya.

Tinuligsa naman ng mga kapamilya nina Asuncion at mag-asawang Chai at Ariel Evangelista ang pag-abswelto ng DOJ sa mga pulis na sangkot sa pagpaslang sa mga biktima. Iginiit ni Liezel Asuncion, asawa ni Manny, na walang batayan ang agarang pagdismiss ng DOJ sa kaso at inihaing *motion for reconsideration* noong Enero 16. Naunang ibasura noong Disyembre 5, 2022 ang kaso laban sa mga pumatay kina Ariel at Chai. Ang mag-asawang Evangelista ay mga organisador ng mga magsasaka at mangingisda sa Nasugbu, Batangas.

Ipinanawagan din ang pagbabasura sa Anti-Terrorism Act (ATA) at pagbubuwag sa National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC). Ginagamit ang mga ito para supilin ang paglaban ng mamamayan at yurakan ang kanilang karapatang pantao.

"Hindi terorismo ang humingi ng dagdag sahod, hindi terorismo ang humiling na maging regular sa trabaho!" ayon sa Defend Workers Southern Tagalog.

Mariing kinundena ni Defend Southern Tagalog Spokesperson Charm Maranan si DOJ Secretary Crispin Remulla sa kawalang silbi ng AO35 na binuo ng ahensya para imbestigahan ang BSM at patuloy na pagtatakip sa mga kriminal na pananagutan ng mga pulis na sangkot sa BSM.

"Boying Remulla, may konsensya ka pa ba? Paano ka nakakatulog nang mahimbing sa gabi, gayong may dugo ka sa iyong mga kamay?" ani Maranan. K

# Mga manggagawa sa Timog Katagalugan, nagpetisyon para sa dagdag-sahod


Nagpetisyon ang mga manggagawa mula sa Metal Workers Alliance of the Philippines (MWAP) at Workers' Initiative for Wage Increase-ST para sa *₱750 minimum wage* sa rehiyon. Idinulog ang petisyon sa konsultasyon ng Regional Wage Board 4-A sa Batangas City noong Agosto 7.

Ayon sa MWAP, "Layunin ng petisyong *₱750 minimum wage* ang pagpapaliit ng agwat sa pagitan ng minimum wage at family living wage (FLW)."

Ang FLW ay gastusin ng isang pamilyang may limang myembro. Sa pag-aaral ng IBON Foundation, ang FLW sa CALABARZON ay ₱1,108.00 habang ₱1,147 sa MIMAROPA. Wala pang kalahati dito ang pinakamataas na minimum na sahod sa rehiyon. Nasa ₱520 na ang pinakamataas na sahod ng manggagawa sa CALABARZON habang ₱355 sa MIMAROPA. Katumbas ito ng pamumuhay na nasa *"below poverty line"* o mas mababa sa hangganan ng kahirapan.

"Kapag naging ₱750 ang minimum na sahod, ang *purchasing power* sa rehiyon ay tataas, malaking tulong ito sa negosyo na lumago at kumuha ng dagdag na manggagawa," dagdag ng MWAP.

Sinuportahan ang petisyon ng ilang mambabatas mula sa Sangguniang Panlalawigan ng Laguna. K



TUGON ni PATNUBAY DE GUIA

# Paano ginagamit ng rehimeng US-Marcos II ang Department of Agriculture para lalong pahirapan ang bayan?

Sinusundan ni Marcos Jr. ang yapak ng diktador na ama sa pangangasiwa sa reaksyunaryong gubyerno. Pangita ito sa kung paano siya nagpipilit na hawakan ang Department of Agriculture (DA) kahit hayagang itinatatwa siya ng taumbayan laluna ng masang magsasaka.

Hindi nga ba't inasukalang balang pumatay at nameste sa sektor ng agrikultura at mga magsasaka ang "Green Revolution" ng diktadurang US-Marcos I?

Mahigpit na kinapitan ni Marcos Sr. ang pagkakait ng tunay na reporma sa lupa. Isinabatas niya ang Presidential Decree No. 2 at Presidential Decree No. 27 (PD 27) na pabor sa uring PML. Kunwa-kunwang "ipapamahagi" ang mga lupa ngunit ibebenta pala ito sa mga tenante sa "patas na halaga sa merkado" na PML rin ang nagtakda.

Sa PD 27, ang takdang halaga ng lupa ay katumbas dapat ng 2 1/2 beses na abereyds ng ani sa 3 taon. Dagdag pa ang 6% interes kada taon na babayaran ng tenante sa loob ng 15 taon. Ipinataw din ang sistemang buwisan na nakabatay sa kabuuang ani. Hindi ito kayang bayaran ng karaniwang magsasaka at kung tutuusin, mas mahal pa ito kumpara sa halaga ng lupa sa merkado. Bilang resulta, lalong nakonsentra ang lupa sa mga Marcos at mga kroni nito.

Sa rehiyong TK, kinamkam ni Marcos Sr. ang mga lupain sa Palawan. Ipinamana niya ang Yulo King Ranch (YKR) o Busuanga Pasture Reserve sa kroning sina Luis Yulo at Peter Sabido gamit ang Presidential Proclamation No. 1387. Ang saklaw nitong 40,000 ektaryang lupain sa Calamian Group of Islands ay inangkin mula sa mga magsasaka na nagbubungkal dito mula pa dekada 1930.

Inilako ni Marcos Sr. ang Masagana 99 noong Mayo 1973 na layon diumanong pataasin ang produktibidad ng palay. Ngunit binangkarote nitong lalo ang produksyon ng palay at ibinaon sa gabundok na utang ang mga magsasaka dahil sa napakamahal na presyo ng binhi, abono't pestisidyo. Masahol pa, nilason ng mga kemikal ang lupa sa mga sakahan at naapektuhan ang kalusugan ng mga magsasaka. Malaking pihit ito sa produksyo n na pakana ng International Monetary Fund - World Bank (WB), United States Agency on International Development, Monsanto, Bayer at iba pang transnasyunal na korporasyon.

Pinagkakitaan ng mga agrokemikal na transnasyunal na korporasyon ang Masagana 99 na tumutok sa pagpapalit ng tradisyunal na binhi tungong *high-yielding variety* na matakaw sa abono at pestisidyo. Tiniyak ng malawakang pautang ng mga bangko at mga huwad na kooperatiba ang pagbili ng mga magsasaka ng *imported farm inputs.*

Ipinataw ang pangongolekta ng buwis sa niyog na naging *coco levy funds* (CLF) sa tabing ng umano'y paglikom ng *trust fund* para isalba ang naghihingalong industriya ng niyog sa bansa. Itinayo ang United Coco Planters Bank upang paglagakan ng CLF na pinagpasasaan ng mga kasapakat ni Marcos, pangunahin na nina Cojuanco, Enrile at Lobregat. Gamit ang CLF, binili ni Danding Cojuangco ang 20% ng sapi sa San Miguel Foods Corporation. Hanggang ngayon, ipinagkakait ng reaksyunaryong gubyerno ang CLF at hindi man lamang mapakinabangan ng mga magniniyog.

Binangkarote ang industriya ng asukal nang i-establisa ang Philippine Sugar Commission at subsidyaryong National Sugar Trading Corporation para umano bilhin ang mga tubo sa bansa. Itinayo ang Republic Planters Bank para sa pagpipinansya ng tubuhan at asukarera. Ngunit kinurakot din ang pera na napunta sa mga ahensyang ito noong 1975-1984.

Mula palay, niyog at tubo, malinaw kung paano nilumpo ng diktadurang US-Marcos I ang agrikultura at dinambong ang yamang likha ng magsasaka.

Ngayong nakaupo ang anak na si Marcos Jr. sa estado poder, lantaran naman niyang ipinakikita ang kasakiman sa pagkontrol sa agrikultura sa pagtatalaga sa sarili bilang kalihim ng DA. Kinokopya niya ang kanyang ama sa pagpapahirap sa mga magsasaka, pambubundat sa kanilang mga kroni at pagpapakatuta sa imperyalismong US.

Nangangarap ang rehimeng US-Marcos II na muling buhayin ang Masagana 99 sa pangalang Masagana 150 o Masagana 200. Nag-iilusyon itong itayo ang *megafarms* na hindi malayo sa iskema ng una at panibagong iskema para sa rekonsentrasyon ng malalawak na lupain sa kamay ng mga kroni.

Hindi mabubura ng New Agrarian Emancipation Act (NAEA) ng rehimen ang deka-dekadang

pagkasuklam ng mga magsasakang biktima ng pyudal na pagsasamantala. Napakakapal ng mukha ni Marcos Jr. na umastang tagapagligtas ng magsasakang Pilipino mula sa pagkakabaon sa utang. Pinalalabas na mabubura ang mga "utang" ng mga magsasaka sa balangkas ng NAEA ngunit hindi nito sinasagot ang ultimong suliranin nila—ang kawalan ng sariling lupa.

Walang kalutasan sa ilalim ni Marcos Jr. ang suliranin sa kartel at malawakang ismagling ng produktong agrikultural. Ayon sa Bureau of Customs, nakakumpiska sila ng *smuggled* na bigas na nagkakahalaga ng ₱174.2 milyon sa kabuuan. Sa kabila ng mga "tagumpay" ng BOC, walang nakukulong o napapanagot na tila pakitang tao lamang ang mga reyd na inilunsad.

Imbes na protektahan ang lokal na industriya at agrikultura, halos wala nang taripa ang pagpapasok ng puu-puong libong toneladang import ng produktong agrikultural tulad ng bigas, isda, asukal at sibuyas. Ito ang pumapatay sa kabuhayan ng lokal na magsasaka at nauubusan na ng hangin na industriya sa bansa. Pinakatampok ang kamakailan lang na pagsasara ng tatlong departamento ng Central Azucarera de Don Pedro, Inc. sa Nasugbu, Batangas na malaking dagok sa maggagapak ng tubo sa Batangas, Laguna at Quezon.

Nananatiling nakasuso ang agrikultura ng Pilipinas sa napakamamahal na *imported* na agrokemikal na produkto mula sa US. Hinihimok ng rehimen ang mapaminsalang operasyon ng mga dayuhang dambuhalang mina. Kaliwa't kanan ang pekeng reklamasyon, proyektong dam at iba pang mapangwasak na programa na balon ng korapsyon at dahilan ng dislokasyon sa bultong bilang ng mga magsasaka.

Nananatiling inutil rin ang DA sa pasistang atake at paninibasib ng mga yunit ng AFP-PNP sa kanayunan na pangunahing target ang masang magsasaka at pambansang minorya. Sa tabing ng gera kontra-'terorismo' ng rehimen, nagsisilbing salot sa buhay, kabuhayan, kalikasan at lupaing ninuno ng masa sa kanayunan ang mga *focused military operations* at *retooled community support program operations* ng mga pasistang tropa ng estado. Sa unang taon pa lang ng rehimen, naitala ng Ang Bayan ang 54 sa 97 pinaslang ng mga ahente ng estado ay nagmula sa uring magsasaka, kabilang ang isang pambansang minorya.

Komun sa mag-amang Marcos ang paggamit sa reaksyunaryong batas at pagkontrol sa mga ahensya upang huthutin ang pinagtrabahuhan ng mamamayang Pilipino. Masugid silang tagahimod ng pwet ng US na ang pangunahing tungkulin ay ibuyangyang pang lalo ang bansa sa balangkas ng neoliberalismo. Sa huli, malinaw ang mga dahilan kung bakit nais patalsikin ng mamamayan ang anti-magsasaka at anti-mahirap na pangulong si Marcos Jr., sa trono man sa estado poder o sa pagiging kalihim ng DA. K

*BANTAY KARAPATAN*

# 14 lider-aktibista nakatanggap ng *subpoena* dahil sa protesta noong SONA

Ipinatawag sa Quezon City Prosecutor's Office ang 14 lider-aktibista matapos kasuhan ng Quezon City Police District (QCPD) sa paglulunsad ng protesta sa State of the Nation Address ni Ferdinand Marcos Jr. Sinampahan sila ni Police Corporal Jordan A. Barbado ng QCPD noong Agosto 21 ng paglabag sa Batas Pambansa Bilang 880 o Public Assembly Act of 1985. Sa kabila ito ng pagbibigay ng *permit* ni Quezon City Mayor Joy Belmonte sa grupong Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) na magdaos ng rali.

Labing-dalawa sa 14 lider-aktibista na kinasuhan ay mula sa mga progresibong organisasyon sa Timog Katagalugan: Bagong Alyansang Makabayan-Timog Katagalugan (BAYAN-TK), Defend Southern Tagalog (ST), Anakbayan-ST, Umento-TK, OLALIA, Liga ng Manggagawa-ST, STARTER-PISTON, Mothers and Children for the Protection of Human Rights, Tanggol Magsasaka at mga lokal na unyon.

Kinontra ng BAYAN National ang paratang ng QCPD. Anito, Hulyo 20 pa nila natanggap ang *permit to protest* mula sa Quezon City government, at saklaw rin nito ang *regional chapter* na BAYAN-TK.

Mariing kinundena ng BAYAN-TK ang panghaharas ng QCPD. "Makatarungan ang magprotesta at ito ay pinoprotektahan ng ating Konstitusyon. Ngunit hindi na bago sa mamamayan ng TK ang panggigipit sa *freedom of expression,*" ayon sa grupo.

Papunta pa lamang ang delegasyon ng TK lulan ng Bigkisan *protest caravan* sa Maynila ay ilang beses na itong tinangkang pigilan ng PNP.

"Walang 'Bagong Pilipinas', at pinatunayan ito ni QCPD Director Nicolas Torre III sa paggamit ng lumang estilong gamitin ang batas upang harasin ang mga pinipiling ilantad ang kabulukan ng sistema, patahimikin ang boses ng mamamayan. Sa kabila nito, nananatiling palaban at hindi natitinag ang loob ng mamamayan ng Timog Katagalugan, sa korte man o lansangan, tuloy ang laban!" dagdag ng BAYAN TK. K

## Dalawa sa inarestong San Juan 3, nakalaya na

Nakalaya na sa bisa ng *release order* ng Batangas Provincial Prosecutor's Office ang drayber na si Jose Escobio at manggagawang kaibigan nito na si Junald Jabonero nitong Setyembre 4. Sila kasama ang lider-magsasakang si Ernesto Baez Jr. ng Samahang Magbubukid ng Batangas ay dinakip matapos tamnan ng samu't saring baril at pampasabog ng PNP Batangas noong Agosto 24.

Anang dalawa, bandang alas-5 ng madaling-araw ng nasabing araw nang sunduin nila ang pasaherong si Baez sa isang *resort* sa bayan ng San Juan. Habang bumibiyahe ay hinarang ang kanilang sasakyan at pinababa sila ng mga pulis habang nakatutok ang mga baril nito sa kanila. Sinakluban ang kanilang mga ulo saka kinalakadkad papasok sa ibang sasakyan. Matapos ang nasa 15 minuto ay ibinalik sila sa kanilang sasakyan at dito na nila nakita ang napakaraming armas at iba pang kagamitang pandigma na itinanim ng mga pulis sa iba't ibang bahagi ng sasakyan. Matapos nito ay pilit silang pinaamin na mga kasapi umano ng BHB. Pinagbantaan din silang idadamay ang kanilang mga pamilya kung hindi sila makikipagtulungan sa mga ilegal na umaresto sa kanila.

Sa kabila ng kanilang pansamantalang paglaya, kumakaharap pa rin sila sa mga kasong kriminal habang nananatili sa piitan ang magsasakang si Baez. Hanggang ngayon, patuloy pa rin ang panawagan ng mamamayan ng Batangas na ibasura ang mga kaso laban sa tatlo. K

*KULTURA*

# Bakit may katutubong NPA?

**ni Ka Sila**

Ang tanong nila, bakit may NPA?

Ang tanong ko, bakit ninyo kami pinapalayas sa sarili naming LUPAIN?

Noon, kaming mga katutubo ay malayang namumuhay dito sa kabundukan. Ito ang lupang ipinagkaloob sa amin.

Mainam dito. Magtanim ka lamang, may makakain ka!

At sapat-sapat sa araw-araw. Maaari mo pang ibenta.

Kapag ika'y nagkasakit may mga halamang gamot na makukuha.

Malinis ang tubig.

May namumuno sa aming pangkat, ang aming CHIEFTAIN na syang nagpapanatili ng aming kostumbre at kultura.

Samakatwid malaya kaming mga katutubo!

Minsan, noong naghahanap kami ni ama ng dahong gamot para sa hika, nakarating kami ni ama sa kabilang bundok.

Napadaan kami sa isang grupo ng mga armadong tao. NEW PEOPLE'S ARMY, 'yan ang tawag nila sa kanilang grupo. Pinakain nila kami.

Napansin namin ni ama kung gaano sila ka-organisado at kung gaano kaunlad ang masa sa nasasakupan nila. Doon kami nanatili, magdamag nagkwentuhan at nagtalakayan.

Kinabukasan ay kasama ni ama si *chieftain.* Sila ay nagtayo ng palikuran sa gilid ng aming bahay para daw mas malinis ang aming tahanan. ABA! Nang mga sumunod na araw nagsimula na ring gumaya ang iba pa naming mga katribo.

Naging madalas ang pakikipag-ugnay namin sa mga NPA. Bukod sa pagiging organisado nagbibigay din sila ng libreng tsek ap at libreng pag-aaral. Sa katunayan, naging mahusay bumasa si ina. Natuturuan na nga niya ang aking mga kapatid! Lahat kami ay umuunlad. Salamat! Salamat sa NPA!

Tumaas ang antas ng aming pagkakaisa. Ang pinakamaganda ay nagkaroon kami ng kooperatiba—laging may layunin at sama-sama. Mas tumatag ang aming pangkat dahil sa organisasyon. 'Yung mga problema kaya na naming solusyunan dahil pinag-uusapan at pinagtutulungan naming mga kapwa katutubo. Maunlad, halos lahat sa aming tribo ay kasapi at aktibo.

Hanggang isang araw dumating ang batalyon ng militar. Inutusan nila kaming lumipat, dahil mayroon daw nagmamay-ari ng aming lupa.

Magtatayo ng dam at *eco-tourism park*. Para raw sa ikauunlad ng ating bansa.

May ipinakita silang papel.

Nakipagtunggali si *chieftain* at ang aking ama sa mga sundalo.

Sinong may ari? Hindi ba't kami? Mula noong unang panahon pa ay nandito na kami.



Dam? *Eco-tourism park?* Sino ang makikinabang diyan?

Kami ba? Nasaan kami sa kanilang sinasabing pag-unlad ng bansa?

Inalok kami ng pera ngunit hindi kami pumayag!

Sinira nila ang aming mga pananim, ninakaw ang mga alagang hayop.

Ginawa nila ito para kami ay maghirap at tanggapin ang perang kanilang iniaalok.

Ngunit hindi kami susuko! Kahit kami ay natatakot, hindi kami aatras!

Lumipas ang mga araw. Nadagdagan ang mga militar.

Humingi kami ng tulong sa mga kaibigang NPA! Pinalakas nila ang aming loob at nag-aral kami ng aming mga karapatan.

LUPANG NINUNO, DEPENSAHAN, DEPENSAHAN, IPAGLABAN!

'yan ang sigaw ng karamihan.

Ngunit hindi tumigil ang militar sa panghaharas!

Isang gabi, dalawang katribo ang hindi nakabalik sa amin matapos ang pulong. Sa sumunod na buwan, nagpalitan ng putok ang NPA at militar. At isang malagim na Disyembre, kitang-kita ko kung paano binaril nang malapitan ang lider ng aming pangkat.

Ama, si *chieftain*!

ANO BA ANG AMING KASALANAN?

SAAN NINYO KAMI GUSTONG IPATAPON?

Sa buwan?

Sa dagat?

O sa bunganga ng bulkan para hindi n'yo na kami makita kahit kailan?

Patuloy ang pagpapalayas nila sa amin.

Mas lumawak ang kinamkam dahil mas maraming imprastrakturang itatayo.

Maraming pangako, pero nasaan ang para sa aming mga katutubo?

MAUNLAD NA PROBINSYA? Para sa mas maraming TURISTA?

Pero, nasaan ang para sa PAMBANSANG MINORYA?

Hindi kami tumigil sa pakikipaglaban! At ako, bilang isang katutubo ay nagdesisyong lumaban.

KAYA ANG SAGOT KO SA TANONG NILA,

BAKIT MAY NPA?

DAHIL MAY NAGSASAMANTALA!

**Ang orihinal na pyesa ay isang bahagi ng monologue script na unang itinanghal noong ika-50 anibersaryo ng New People's Army sa isang larangang gerilya sa Timog Katagalugan.* K